REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAUTUSANG BAYAN BILANG 89-21**

**KAUTUSANG BAYAN NA NAG-AATAS SA SINUMANG NAGNANAIS NA MAGTAYO O MAGLAGAY NG PASKILAN NG ANUNSIYO/PATALASTAS SA LABAS O HAYAG AT LANTAD NA LUGAR SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA NA YARI SA YERO, TELA O KAHOY O KAHALINTULAD NA MAY SUKAT NA HINDI BABABA SA DALAWANG PIYE ANG HABA AT ISA AT KALAHATING PIYE ANG LAPAD (2ft. x 1½ ft.) O MAHIGIT PA NA MAGLAAN O MAGRESERBA NG PUWANG NG HINDI BABABA NG SANGKAPAT (¼) NG LAKI NG PASKILAN NG PATALASTAS PARA SA IHAHAYAG NA PAHATID-PANLIPUNAN (SOCIAL MESSAGE)**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

ITINALAGA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA NA :

**TALATA I** - Ang pahatid-panlipunan (social message) na nakasama sa mga paskilan ng anunsiyo/patalastas ay naglalayon na magpaala-ala sa bawat mamamayan sa magagandang kaugalian at pukawin ang kanilang diwa at damdaming pagkamakabayan tungo sa isang mapayapa, malinis, maayos at maunlad na pamayanan.

**TALATA II**- Inaatasan ang sinumang nagnanais na magtayo o maglagay ng paskilan ng anunsiyo/patalastas sa labas o hayag at lantad na lugar sa nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa na yari sa yero, tela o kahoy o kahalintulad na may sukat na hindi bababa sa dalawang piye ang haba at isa at kalahating piye ang lapad (2ft. x 1½ft.) o mahigit pa na maglaan o magreserba ng puwang ng hindi bababa ng sangkapat (¼) ng laki ng paskilan ng patalastas para sa ihahayag na pahatid-panlipunan (socoal message)

**TALATA III** - Lahat ng paskilan ng mga patalastas na nakatayo o nakalagay na bago pa ipinatupad ang kautusang bayan na ito ay binibigyan ng dalawang (2) buwan simula sa pagkapatibay ng kautusang bayang ito upang palitan ang mga nabanggit na paskilan ng patalastas at iayon sa iniatas ng kautusang bayang ito.

**TALATA IV** - Ang mga sumusunod na parusa ay ipapataw sa sinumang lalabag sa kautusang bayan na ito :

**U N A :** Ang parusa na halagang Dalawang Daan at Limampung Piso (₱250.00) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng isang buwan o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa UNANG PAGLABAG; Limang Daang Piso (₱500.00) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa IKALAWANG PAGLABAG; Isang Libong Piso (₱1,000) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng anim (6) na buwan o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa IKATLONG PAGLABAG.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



PANGALAWA : Ang pag-aalis ng paskilan ng patalastas ng walang pasubali o babala sa sinumang nagmamay-ari nito sa ika-apat at huling paglabag sa kautusang bayan na ito.

TALATA IV - Lahat ng kautusang bayan na taliwas sa nilalaman ng kautusang bayan na ito ay pinawawalang bisa.

TALATA V - Ang kautusang bayan na ito ay magkakabisa kaagad pagkatapos mapagtibay at maitala sa "bulletin board" na nakalagay sa bulwagang pambayan at iba pang hayag na lugar sa loob ng sampung (10) araw.

ISINASABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA SA KANILANG PANG-LIMAMPU'T-LIMANG (55th) PANGKARANIWANG PULONG NA GINANAP NOONG IKA-24 NG ABRIL, 1989.

ANG BOTOHAN SA KAUTUSANG BAYAN NA ITO AY ANG MGA SUMUSUNOD:

Mga Sumang-ayon: KGG. JAIME R. FRESNEDI; KGG. CARLO G. TENSUAN, KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ, KGG. EPIFANIO A. ESPELETA, KGG. REY E. BULAY, KGG. ROMAN E. NIEFES, KGG. LUCIO B. CONSTANTINO, KGG. NEMESIO O. MOZO, KGG. RUFINO B. JOAQUIN, KGG. ROGER C. SMITH, KGG. NOLASCO L. DIAZ

Di sumang-ayon: W A L A

PINATUTUNAYANG TUTOO :

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Abril 24, 1989

RRC:liz